

Alert.seattle.gov/boilwater [Alert.seattle.gov/magpakulongtubig]

Ang Mga Pangyayari: Inirekomenda ng Seattle Public Utilities (SPU) na pakuluin ang tubig sa mga bahagi ng Seattle. Hinihiling na pakuluin ng mga naninirahan sa apektadong lugar ang kanilang tubig bago gagamitin ito upang hindi magkasakit at maiwasan ang ibang mga problema sa kalusugan. Mananatiling maybisa ang rekomendasyon hanggang matiyak ng mga resulta ng mga siniyasat na sampol ng tubig mula sa apektadong lugar na ang tubig ay maaring inumin.

Ano ang dapat gawin:

Habang inirerekomendang dapat pakuluin ang tubig:

- Huwag uminom ng tubig mula sa gripo na hindi pinakuluan, gumamit ng yelo o uminom ng mga inumin na ginawa gamit ang tubig mula sa gripo na hindi pinakuluan, o kumain ng hindi nilutong pagkain na hinugasan gamit ang tubig mula sa gripo na hindi pinakuluan.
- Upang mapatay ang mikrobyo: pakuluin ang tubig ng isang minuto. Kapag hindi na mainit, ilagay sa malinis na sisidlan na may takip at ilagay sa pridyider.
- Ligtas inumin ang tubig na nasa botelyang may takip. Ligtas din na mag-shower, maligo at maglaba gamit ang regular na tubig mula sa gripo. Huwag hayaang uminom ng tubig na pinaliguan o sumipsip ng mga tuwalyita ang mga sanggol o mga maliliit na bata.
- Manatiling nakikinig sa radyo at TV at pumunta sa SPU [website](#) upang makuha ang pinakabagong impormasyon tungkol sa emerhensiya at upang malaman kung kailan hindi na kailangan pakuluin ang tubig at ligtas nang inumin ito.
- ***Kung may kilala kayong hindi naiintindihan, nakikita o naririnig itong mensahe, mangyaring sabihin sa kanila ang impormasyong ito.***

Pagkatapos hindi na kailangan pakuluin ang tubig:

- I-flush ang mga tubo at lahat ng mga gripo sa bahay: magpadaloy ng malamig na tubig sa mga gripo ng 3 minuto kung hindi nagamit ang mga ito sa nakaraang 24 oras.
- I-flush ang automatic ice maker sa bahay: gumawa ng yelo tatlong beses at itapon ang lahat nito.
- Alisan ng tubig ang inyong hot water heater kung ang temperatura nito ay mas mababa kaysa 113 F at punuin muli.
- Magpatakbo ng regeneration cycle sa inyong mga water softener.
- I-flush ang mga drinking fountain: patuloy na patakbuhin ng 3 minuto.
- I-flush ang mga water cooler: patakbuhin ng 5 minuto ang mga cooler na may direktang koneksiyon sa tubig.

Mga link na makakatulong:

<http://www.seattle.gov/util/>

<http://www.kingcounty.gov/healthservices/health/preparedness/disaster/BoilOrder.aspx>

http://www.cdc.gov/parasites/crypto/health_professionals/bwa/public.html